**The Miracle**

# Ang Gabay na Bituin at ang mga Naghanap sa Hari

**WEEK 4**

## WARM-UP

- Balikan ang panahong gumawa ka ng paraan para matulungan ang isang tao. Ano ang naramdaman mo?
- Isipin kung sino ang kagalang-galang na taong gusto mong makilala. Ano ang sasabihin mo sa kanya?
- Ano ang pinakamahalagang regalong ibinigay mo sa isang tao? Ano ang sinasabi nito sa pagkakakilala mo sa taong ito?

## WORD

*[9–10]Pagkatapos nilang marinig ang bilin ng hari, umalis na sila. Habang sila ay naglalakbay, muling lumitaw ang bituin na nakita nila sa silangan, at lubos ang kanilang kagalakan. Nanguna sa kanila ang bituin hanggang makarating sila sa kinaroroonan ng sanggol. [11]Pagpasok nila sa bahay, nakita nila ang sanggol at ang ina nitong si Maria. Lumuhod sila at sumamba sa sanggol. Inilabas din nila at inihandog sa sanggol ang mga dala nilang ginto, insenso at pabangong mira.* **MATEO 2:9–11**

(Basahin din ang **MATEO 2:1–8.**)

Ipinagdiriwang natin ang Pasko dahil dumating na ang ating Tagapaglitas at Hari! Ipinapaalala sa atin ng panahong ito ang paanyaya ng Diyos na tayo ay manumbalik sa tamang pakikipag-ugnayan sa Kanya at sambahin Siya dahil sa kung sino Siya ayon sa mga ipinahayag ni Jesus. Kahit noong kauna-unahang Pasko, marami ang nasabik: ang mga Hudyo ay naghintay sa Mesias na ipinangako ng Diyos na dadating at ang mga taong dalubhasa na galing sa silangan ay inaral ang galaw ng mga bituin—na mala-himalang tumuro kay Jesus—nang marining nila ang tungkol sa pangakong ito. Kaya't nilisan nila ang kanilang mga bahay at masugid Siyang hinanap. Ipinapakita lang nito na nasa isip din ng Diyos ang mga hindi Judio—para sa kaligtasan ng buong mundo. Matuto tayo sa halimbawa ng mga taong ito kung papaano tayo makakatugon sa paanyaya ng Diyos na hangarin, sambahin, at ipakilala Siya.

## 1 Gagawa ba tayo ng paraan para hangarin ang Diyos?

*[1]Ipinanganak si Jesus sa bayan ng Betlehem sa lalawigan ng Judea noong si Herodes ang hari. Isang araw, dumating sa Jerusalem ang ilang taong dalubhasa galing sa silangan. [2]Nagtanong sila, "Saan ba ipinanganak ang hari ng mga Judio? Nakita namin ang kanyang bituin sa silangan, at naparito kami upang sambahin siya."* **MATEO 2:1–2**

Naniniwala ang mga iskolar na ang mga taong galing ng silangan ay nanggaling sa Babilonia na mahigit isang libong kilometro ang layo sa Betlehem. Malayo ang paglalakbay ngunit lakas-loob nilang tinahak ang malalawak na disyerto at kaparangan (*wilderness*). Hindi pa nga sila nakakasiguro na makikita nila ang kanilang hinahanap pero nagpatuloy pa rin sila nang may pananalig na makikita nila ang Hari ng mga hari. Ang katatagan nila ang dapat nating gayahin. Sa pagkilala at pagtitiwala natin sa Diyos, nawa'y maunawaan natin na sulit ang mga paghamon at abala na nararanasan natin sa buhay basta't makatagpo lamang natin Siya. Balikan ang isang mapaghamong bagay na ginawa mo para maparangalan ang Diyos. Paano nakatulong ang karanasang ito sa paglago ng iyong pananampalataya?

## 2 Mapagpakumbaba ba tayong sasamba sa Diyos?

***Pagpasok nila sa bahay, nakita nila ang sanggol at ang ina nitong si Maria. Lumuhod sila at sumamba sa sanggol****. Inilabas din nila at inihandog sa sanggol ang mga dala nilang ginto, insenso at pabangong mira.* **MATEO 2:11**

Nang nakarating na sa wakas ang mga taong dalubhasa na galing silangan, sila ay nanabik at *lubos ang kanilang kagalakan* (Mateo 2:10)! Sa sandaling nakita nila si Jesus, nagpakumbaba sila at sumamba sa Kanya. Ang mga taong ito ay may karunungan at magandang katayuan, ngunit sa paanan ng sanggol na si Jesus, walang pagkamakasarili silang sumamba nang makita nilang naisakatuparan na ang pangako ng Diyos. Andito na ang Hari ng mga hari! Ngayon, sa gitna ng mga pag-aalinlangan, makakalapit tayo sa Diyos

nang may pagpapakumbaba at paggalang, may pagtitiwala na Siya ang Hari ng lahat. Balikan ang isang katotohanang inihayag ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili na nagiging dahilan ng pagsamba mo sa Kanya. Paano ka natutulungan nito sa pagharap mo sa mga hamon sa buhay?

## 3 Magbibigay ba tayo ng regalo kay Jesus na angkop para sa Hari ng mga hari?

*Pagpasok nila sa bahay, nakita nila ang sanggol at ang ina nitong si Maria. Lumuhod sila at sumamba sa sanggol.* ***Inilabas din nila at inihandog sa sanggol ang mga dala nilang ginto, insenso at pabangong mira.*** **MATEO 2:11**

Mula sa simula, alam na ng mga taong dalubhasa na galing silangan na hindi pangkaraniwang tao ang makikilala nila. Kaya sila nagdala ng mga regalo na angkop para kay Jesus—ginto para sa Kanyang pagiging Hari, kamangyan bilang alay ng pari, at mira para sa Kanyang pagiging tao. Alam man nila ito o hindi, ang mga regalong ito ay tila naging propesiya kung ano ang magiging pagkatao ni Jesus. Ang pagiging bukas-palad nila ay nagpakita na handa silang ibigay ang pinakamahusay na mayroon sila upang sambahin Siya. Kapag binibigyang-parangal natin ang Diyos, nawa'y magkaroon tayo ng pag-uugaling tulad ng mga taong dalubhasang galing ng silangan—na ibigay din natin ang pinakamahusay na mayroon tayo sa lahat ng ating sasabihin at gagawin. Ano ang pinakamalaking bagay na inihandog mo sa Diyos? Papaano nito sinasalamin kung sino ang Diyos para sa iyo?

Ang mga himala ay mga tanda na tumuturo sa isang mas nakahihigit na bagay, bagay na nauunawaan kahit ng mga nilikha ng Diyos. Ang bituin na sinundan ng mga taong dalubhasa na galing sa silangan ay inilagay sa tamang panahon at lugar upang maituro at maipakilala si Jesus kahit sa mga hindi Judio. Sa patuloy nating pagdanas ng mga himala ng Diyos sa bawat araw, nawa'y lagi tayong magkaroon ng pusong sasambahin Siya nang lahat ng mayroon tayo at ipapakilala Siya sa buong mundo.

## APPLICATION

- Handa ka bang gumawa ng paraan para ipakita ang paghahangad mo sa Diyos? Ibahagi ang isa o dalawang bagay na handa kang gawin simula ngayon.
- Paano mo ipinapahayag ang pagsamba mo sa Diyos? Sa palagay mo, paano mo mailalarawan ang mapagpakumbabang pagsamba sa buhay mo?
- Ano ang regalong maibibigay mo kay Jesus ngayong Pasko? Ano sa palagay mo ang nararapat na regalo para sa Hari ng mga hari?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang pagmamahal na umaabot sa mga tao, gaano man sila kalayo sa Kanya. Pasalamatan ang Diyos sa pagpapakilala ng Kanyang Anak na si Jesus at sa pagpapahintulot Niya na maranasan natin ang Kanyang pagmamahal.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pusong mapagpakumbaba na nagnanais na laging sumamba sa Kanya. Ipanalangin na patuloy na ipaalala sa iyo ng Diyos kung sino Siya at ipakita sa iyo ang Kanyang kabutihan sa buhay mo.
- Ipanalangin na piliin mong magtiwala at sumunod sa Diyos habang patuloy mong nararanasan ang Kanyang mga himala. Nawa ay gamitin Niya ang buhay mo bilang Kanyang himala at pagpapala sa iba ngayon at araw-araw.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Chique Esguerra, Ian Susi, Josh Hernandez, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.